



Baltog
JUANITO PEÑERA



Oryol
EMIL ALDRINE ALARCON



Handiong of Ibalong
MARVIN SAMONTE

HANDIONG, BALTOG at ORIOL ng Ibalon ng Bicol

May tatlong bayani ang epiko ng Ibal, sinaunang pangalan ng rehiyon ng Bicol. Lahat sila mga dayuhan sa rehiyon. Una sa kanila si Baltog. Darating sa rehiyong Bicol si Baltog galing sa Botavara. Isang taong lipod si Baltog; ibig sabihin, isa siyang taong parating nakatago o taong parating natatakpan kaya nakatago. Maipaliliwanag nito kung bakit naninirahan siya nang mag-isa. Magtatanim siya ng linsa sa paligid ng bahay niya. Magagalit nga lamang siya nang matuklasang may kumain sa kanyang pananim. Isang higanteng baboy-ramo ang salarin, ang Tandaya. Tutugisin niya ang baboy-ramo at babasagin niya sa galit ang panga nito gamit ang kanyang mismong mga kamay. Dadalhin niya ang buto ng panga ng baboy-ramo. Isasabit niya ang bungo sa puno ng talisay na malapit sa kanyang bahay upang makita at katakutan ng lahat ng tao sa bayan ng Tondol. Nais lamang niyang huwag at walang masira sa kanyang mga pananim.

Sunod na darating sa rehiyong Bicol ang bayaning Handiong, isang prinsipeng Malay, kasama ang pulutong niya ng mga mandirigma. Sina Handiong ang lilipol sa lahat ng masasamang elemento sa rehiyon upang makapagtatag doon ng isang matatawag na sibilisasyon. Pinatay ni Handiong ang mga hayop na may isang mata at tatlong leeg na naninirahan sa Ponon. Pinatay niya sa loob lamang ng sampung buwan ang mga pating na may pakpak, ang mababangis na kalabaw, at ang mga higanteng buwayang kasinlaki ng mga bangka. Ipinatapon niya ang lahat ng sarimao sa Colasi. Ibinaon nila ang mga sawang may boses ng mga sirena sa yungib ng Bundok Hantic.

Ngunit makakahanap ng katapat si Handiong kay Oriol. Isang babae si Oriol. Ngunit, buntot ng sawa mula baywang ang katawan niya. Higit na matalino si Oriol kay Handiong. Tuso rin at lilo. Inaakit niya si Handiong sa pamamagitan ng kanyang tinig. Minsan sadya siyang nagpapahuli kay Handiong. Ngunit naikakalag ni Oriol anuman ang gawing pagbubuhol ni Handiong sa kanyang buntot. Naiisahan niya parati si Handiong. Hanggang sa naging magkakampi silang dalawa. Tinulungan ni Oriol si Handiong na lubusin ang paglilinis ng buong rehiyon sa lahat ng magiging sagabal sa pagtatatag dito ng isang sibilisasyon. Tinulungan ni Oriol na lipulin ang iba pang natitirang halimaw katulad ng mga dambuhalang buwaya na ginamit ni Handiong ang dugo upang papulahin ang Ilog Bicol. Ikinatakot ang pag-

agos ng dugo sa ilog ng mga pongo, orangutan at bakulaw na lahat nagsitakas papuntang bundok ng Isarog.

Narating ng rehiyon ang ginintuan nitong panahon sa ilalim ng pamamahala ni Handiong. Nakapagtanim sila ng palay na ipinangalan sa kanya. Inimbento rin ni Handiong ang bangka. Ginawa ni Ginantong ang kauna-unahang katig at layag na gamit sa pangingsida at paglalakbay sa tubig, at ang kauna-unahang araro at paine sa pagolong na naging mahalaga sa agrikultura. Inimbento naman ni Hablom ang panghabi at palangka. Umunlad naman ang paggamit ng luwad sa paggawa ni Dinahong, isang Agta, ng mga gorgoreta, koron, kalan, paso at iba pang kasangkapan. Sinimulan naman ni Sural ang isang paraan ng pagsusulat, na iniukit niya sa batong-Libon na pinakinis ni Gapon. Naging matagumpay ang pamamahala sa kanila ni Handiong dahil nagtatag siya ng mga batas na kinikilala ang karapatan ng lahat.

Daratnan ng delubyo ang sibilisasyong itinatag ni Handiong. Ngunit agad din naman silang makakabawi. Malalampasan nila pati ang mga pagbaha at pagsabog nang sabay-sabay ng mga bulkan ng Hantic, Isarog, at Colasi, ang mga paglindol na lumikha ng isang kapisang lupa sa bayan ng Pasacao, mga pagguho ng lupa sa ilang bahagi ng rehiyon na lumikha ng mga isla kagaya ng Malbogon kung saan nanirahan ang dalawang kinatatatutag babaylan na Hilan at Lariong, mga pagbabago ng agos ng Ilog Inarian, at ang bundok sa bayan ng Bato na napalitan ng isang lawa na lumipol sa buong tribo ng Dagatnon.

Saka makikilala ang ikatlong bayani ng Ibal. Dati nang kasamahan ni Handiong si Bantong. Ngayon lamang siya makikilala sa pag-alok niyang patayin si Rabot, ang bagong salot na dumating sa rehiyon. Matanda na si Handiong kaya hindi na kaya ang pakikipagsapalaran. Kalahating tao at kalahating hayop si Rabot. May kapangyarihan siyang gawing bato ang mga kaaway niya. Ngunit maisahan siya ni Bantong dahil alam nitong natutulog siya sa umaga at gumagala sa gabi. Kailangan lamang maghintay ni Bantong na sumikat ang araw. Minsang bumaha at malamig ang paligid, pupuntahan ni Bantong ang yungib na tirahan ni Rabot. Sa tulong ng isang libong mandirigma ni Handiong, hahatiin ni Bantong sa dalawa ang katawan ni Rabot. Dadalhin niya ang bangkay ni Rabot sa harap ni Handiong upang ipakita ang kanilang tagumpay. Magtatapos ang naratibo ng pinaniniwalaang epiko ng Ibal nang nakatingin si Handiong sa bangkay ni Rabot at waring natulala.

Inawit ng isang nagngangalang Cadugnung ang kuwento ng tatlong bayani. Inawit niya ang kanilang kuwento sa paghikayat sa kanya ng isang nagngangalang Yling. Magtatapos ang kuwento ng Ibal sa pagpapaliban ni

Cadagnung ng pag-awit na ipagpapatuloy na lamang niya sa ibang araw.

Nananatiling kontrobersiyal ang epiko ng Ibalong dahil hanggang sa kasalukuyan wala pa ring natatagpuang teksto ng nasabing epiko. Walang mapanghahawakang siklo o bahagi ng siklo ng kahit na anong naratibong awitin. Tanging pinagbabatayan ng paniniwala na may umiiral ngang epiko ng Ibal ang orihinal na tula ni Fray Bernardino Melendreras [Apolinar Pastrana Riol, OFM, “Fr. Bernardino Melendreras, OFM (1815-1867), Y su Obra Poetica Sobre la Region del Bicol (Filipinas),” *Missionalia Hispanica* 39 (1982): 85-181], kasama ng iba pang mito at alamat na nagkalat sa buong rehiyon na tumutukoy sa mga tauhan at lugar na nababanggit sa tula ni Melendreras. Sa kabila ng lahat, pinananatiling buhay o sinisikap muling buhayin ng kultural na produksiyon ng rehiyon ang paniniwala sa pag-iral ng epikong Ibalong.

Sanggunian:

Reyes, Jose Calleja, tagapagsalin sa Ingles at Bikol, at Arturo Camua Sampana, tagapagsalin sa Tagalog. “Ibalon: An Epic Song of the Ancient Bikols.” Sa *Bikol Maharlika*, Jose Calleja Reyes. Makati: Goodwill Trading Co., Inc., 1992.